Interesado ka bang makilahok sa pananaliksik? Ano ang dapat mong gawin?

- **Alamin** ang detalye ng saliksik.
- **Magtanong!**
- **Huwag kang magmadali** bago magdesisyon.

Alamin ang higit pa dito:

www.bcchr.ca



Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:
Pangngalan: _____
Email:
_____
Telepono: _____

Sa BC Children's Hospital, mahigit **1,000 medikal na mananaliksik** ang nagsisikap na itulak ang mga limitasyon ng ano ang posible. Ngunit hindi nila ito magagawa na mag-isa.

Kapag nakibahagi ka at ang iyong pamilya sa pagsasaliksik, tinutulungan mo kaming mapabuti ang **pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata** sa B.C. at higit pa!

BC Children's Hospital™

BC Children's Hospital Research Institute
938 W 28th Ave, Vancouver, BC V5Z 4H4
www.bcchr.ca

Likhang Sining at Disenyo: Diana Salcedo

Ang pananaliksik ay ang kinabukasan ng pangangalaga.

BC Children's Hospital™



Bakit mahalaga ang pananaliksik?

Tinutulungan tayo ng pananaliksik na palawakin ang ating pang-unawa sa kalusugan at sakit, **pagbutihin ang paggamot** at **makahanap ng mga bagong lunas**.

Ang BC Children's Hospital Research Institute ay isang **inklusibo** at walang diskriminasyong entidad ng pananaliksik. Tinatanggap namin ang lahat ng indibidwal mula sa **iba't ibang kultura** at pinagmulan.

Sa **magkakaibang pakikilahok**, ang mga pagtuklas sa pananaliksik ay maaaring magkaroon ng mas malaking epekto at makinabang sa mas malawak na hanay ng mga tao.

Ano ang dapat mong alam:

Ang iyong pakikilahok ay boluntaryo.

- ✔ **Hindi** mo **kailangang sumali** kung ayaw mo.
- ✔ Kailanman, maari **kang umalis** sa pananaliksik.
- ✔ Kung hindi ka lalahok o kung aalis ka, magpapatuloy ka pa rin sa pagtanggap ng pangangalagang medikal o iba pang serbisyo kung saan ka nararapat o maaaring natatanggap.

Ang iyong privacy ay protektado.

- ✔ Ang iyong **mga karapatan sa privacy** ay legal na pinoprotektahan ng mga pederal at panlalawigang batas na nangangailangan ng mga pananggalang upang matiyak na ang iyong privacy ay iginagalang.
- ✔ Ang iyong **pagkakakilanlan at impormasyon** ay nananatili lamang sa pangkat ng pananaliksik at walang impormasyon na nagbubunyag ng iyong pagkakakilanlan ay ipa-publish kung hinda ka nagpapahintulot.

Kailangan ang iyong pahintulot.



Ang pagpirma sa **dokumento ng pahintulot** ay nangangahulugang handa kang lumahok sa pananaliksik, ngunit **kailanman pwede mong bawiin ang iyong pahintulot.** Hindi mo ipinabibigay ang iyong mga legal na karapatan.

Pinahahalagahan namin ang **transparency at integridad**. Bago lagdaan ang dokumento ng pahintulot, titiyakin ng pangkat ng pananaliksik na:

1. Naiintindihan mo kung ano **ang sinusubukang makamit** ng pananaliksik at kung ano ang ipapagawa sa iyo.
2. Naiintindihan mo ang anumang posibleng **mga panganib at benepisyo** na nauugnay sa iyong paglahok.
3. May pagkakataon kang **magtanong at masagot** ang lahat ng iyong katanungan.